Anti-racism Legislation engagement website content

Tungkol saan ang engagement na ito?

Ang Province ay gumagawa ng mas malawak na lehislasyon laban sa rasismo na sinusundan ang Anti-Racism Data Act (ARDA), na naging batas noong Hunyo 2022. Matutugunan ng lehislasyong ito ang mas malawak na mga hamon ng sistemikong rasismo, inequity o hindi pagkamakatarungan at diskriminasyon sa B.C.

Ang lehislasyon sa anti-racism na ito ay magkasamang bubuuin at bibigyang impormasyon ng Indigenous Peoples at iba pang mga racialized na komunidad. Ang lahat ng miyembro ng publiko ay malugod na inaanyayahang sagutan ang online questionnaire para sa publiko.

Nakatakdang ipakilala ang lehislasyong ito sa Spring 2024.

Timeline ng engagement: Hunyo 5 hanggang Setyembre 30, 2023

Paano sumali dito

Hinihikayat ang lahat na lumahok. Ang mga sumusunod ay mga oportunidad upang iparating ang iyong pananaw sa pagbuo ng lehislasyon laban sa rasismo.

Online questionnaire para sa publiko

Ibahagi ang iyong mga pananaw sa pamamagitan ng pagsagot sa maikling questionnaire na maaaring sagutan ng lahat ng British Columbians. Sagutan ang questionnaire hanggang Setyembre 30, 2023 nang 4pm.

Pampublikong engagement na community-led

Iimbitahan ang mga Indigenous, Black at iba pang mga racialized na indibidwal, pati na rin ang mga racialized na indibidwal mula sa mga komunidad na panrelihiyon at ng 2SLGBTQ+ na lumahok sa mga engagement na pinamumunuan ng komunidad sa buong province. Higit pang impormasyon

Mga susunod na hakbang

Makakatulong ang iyong feedback para makatulong sa amin na maunawaan ang karanasang kaugnay sa rasismo ng mga tao sa mga programa at serbisyo ng pamahalaan, at kung paano tugunan ang mga hadlang at omisyon o pag-aalis na lubhang nakakasama sa mga Indigenous, Black at iba pang mga racialized na indibidwal kapag naghahanap sila ng tulong na kailangan nila.

Komitment sa Anti-Racism

Dedikado ang Pamahalaan ng B.C. sa pagtugon sa rasismo at pagtiyak na ang proseso ng engagement ay anti-racist at pinapangalagaan ang mga karapatang pantao. Hindi tatanggapin o ikokonsidera ang mga komentong walang-galang at racist, at aalisin ito sa record ng engagement. Mangyaring tiyakin na nakakatulong at nakatuon para sa engagement na ito ang iyong mga komento.

Mensahe mula kay Parliamentary Secretary Mable Elmore

“Tumulong na panagutin ang pamahalaan sa pagtugon sa systemic racism. Mangyaring ibahagi ang iyong karanasan at mga saloobin tungkol sa rasismo sa BC sa pamamagitan ng pagsagot ng questionnaire.”

Panuorin ang video

Mga pagsisikap laban sa rasismo

Alamin ang tungkol sa iba pang mga probinsiyal na pagsisikap laban sa rasismo upang malansag ito sa BC.

Timeline ng engagement

Online public questionnaire

- Hunyo 5 hanggang Setyembre 30, 2023

Community-led public engagement

- Hulyo hanggang Setyembre 30, 2023

Pagtatapos ng engagement

- Setyembre 30, 2023

Paglabas ng Engagement Report, pagbubuod ng feedback mula sa engagement

- Unang bahagi ng 2024

Ipapakilala ang Lehislasyon sa Anti-racism

- Spring 2024

Bakit kailangan ang lehislasyon

Ang pamahalaan ay isang kolonyal na institusyon at marami sa mga patakaran at programa nito ay binuo noong hindi pa kinakatawan ng lehislatura ang kultural na pagkakaiba-iba ng province. Nagresulta ito sa pundasyon ng pamahalaan na batay sa mga pananaw, patakaran, kilos at ugali na racist at nangdidiskrimina. Marami sa mga ito

ay hindi kinukuwestiyon at hindi pinag-uusapan. Hindi tama ito. Ang diversity o pagkakaiba-iba ay ang ating kalakasan. Ang Province ay may kritikal na papel na ginagampanan upang matiyak na ligtas at ingklusibo para sa lahat ang ating mga sistema at institusyon.

Ang lehislasyong ito ay bahagi kung paano nakikipagtulungan ang Province sa mga komunidad upang matugunan ang rasismo at hate o poot.

Karagdagang impormasyon tungkol sa batas laban sa rasismo

Noong Hunyo 2022, naging batas ang *Anti-Racism Data Act*. Sinusuportahan ng batas na ito ang pamahalaan upang matukoy ang mga hadlang sa mga programa at serbisyo ng pamahalaan. Kapag natukoy na ang mga balakid at sinusuportahan ito ng datos, maaari na itong matugunan upang mas maraming tao ang magkaroon ng pantay na benepisyo mula sa mga suporta ng pamahalaan.

Ang mas malawak na lehislasyon laban sa rasismo na ipapakilala sa 2024 ay sinusundan ang *Anti-Racism Data Act* sa pamamagitan ng pagtiyak na nagsasagawa ng aksiyon ang pamahalaan upang lansagin ang sistemikong rasismo at itaguyod ang panlahing katarungan sa British Columbia habang ipinapakilala ang mga konsekuwensiya sa hindi pagsunod.

Ang lehislasyon ay:

1. Gagawa ng isang anti-racism strategy para as buong pamahalaan upang maipatupad ang lehislasyon
2. Tutugunan ang racism na espesipikong nakatuon laban sa Indigenous Peoples
3. Magsasagawa ng aksiyon upang lansagin ang sistemikong rasismo at itaguyod ang panlahing katarungan sa B.C. gamit ng mga datos na nalikom mula sa Anti-Racism Data Act
4. Magbibigay ng pagsusuri at ulat sa aming progreso
5. Papanagutan ang aming mga sarili ayon sa mga priyoridad ng Indigenous People at iba pang mga racialized na komunidad
6. Mag-iinvest sa paghilom o healing ng mga Indigenous at iba pang racialized na komunidad na napinsala ng rasismo
7. Magtataguyod, hihikayat at mag-iinvest sa mga approach o paraan para sa pagpapatupad

Systemic racism (sistemikong rasismo): ay nangyayari sa pamamagitan ng mga hindi hayag at hayagang bias o pagkiling na nagreresulta sa mga hindi pagkakakpantay-pantay

na integral sa mga serbisyo, sistema at istruktura na nagpapahirap sa mga tao dahil sa kanilang lahi.

Anti-racism: ay tinutukoy bilang kasanayan ng pag-unawa at paglaban sa mga pinagmulan ng sistemikong diskriminasyon, hal., ang ating mga kolonyal at racist na pundasyon, sa pamamagitan ng pagtukoy, pagkuwestiyon, pagpigil, pag-alis at pagbabago ng mga pinapahalagahan, istruktura, patakaran, programa, kasanayan at mga pag-uugali na nagpapatuloy ng rasismo.

Community-led engagement

Batay ang Anti-Racism Data Act sa feedback ng mahigit 13,000 katao. Ang makabuluhang impormasyong ito ay patuloy na magbibigay-alam sa lehislasyon, kabilang ang mas malawak na pagbabatas laban sa rasismo. Narinig namin ito mula sa mga racialized na komunidad—'Walang tungkol sa amin, hindi kami kasama.'

Kung kaya, para sa lehislasyong ito laban sa rasismo, nakikipagtulungan kami sa mga community organization at direktang nakikipag-ugnayan sa mga Indigenous at racialized na lider at mga miyembro ng komunidad. Magpapatuloy kaming makipag-collaborate sa mga taong pinakanaapektuhan ng lehislasyong ito sa bawat yugto.

Community-led public engagement – Hulyo hanggang Setyembre 30, 2023

Iimbitahan ang mga Indigenous, Black at iba pang mga racialized na indibidwal, pati na rin ang mga racialized na indibidwal mula sa mga komunidad na panrelihiyon at ng 2SLGBTQ+ na lumahok sa mga engagement na pinamumunuan ng komunidad sa buong province.

Ang input na makukuha sa mga susunod na buwan ay makakatulong sa pagbibigay-alam sa lehislasyon laban sa rasismo na ipapakilala sa 2024 upang matulungan nating mas umunlad ang pamumuhay ng mas maraming tao sa B.C.

Paano ako makakakuha ng suporta?

Ang ResilienceBC ay nagbibigay ng resources para sa pagtugon at pag-report ng mga hate crime at insidente.